

2 KAWANI NG PAMAHALAAN AT IBA PA

Ukol sa pagtanggap ng kawani ng pamahalaan (pambansang kawani ng pamahalaan, lokal na kawani ng pamahalaan) sa Japan, alinsunod sa palagay ng pamahalaang “Para lamang sa taong mayroong nasyonalidad ng bansang Hapon ang tungkuling nauukol sa pagtupad ng pampublikong kapangyarihan o pakikilahok sa paghubog ng desisyon ng publiko,” mayroong uri ng tungkuling para lamang sa taong may nasyonalidad ng bansang Hapon. Ngunit sa pagtanggap ng kawani ng Hiroshima prefecture, binabanghay ang pagpapalawak ng uri ng tungkuling maaaring gampanan ng taong hindi Hapones ang nasyonalidad tulad ng pagsasagawa ng pagtanggap ng full-time lecturer na walang hangganan sa panahon ng panunungkulan tungkol sa guro ng paaralan at iba pa.

At tungkol sa pakikilahok ng taong dayuhan ang nasyonalidad sa institusyong kaakibat ng mga kawanihan o departamento (iba’t ibang lupon ng pag-aaral at iba pa), bukod sa pinag-aaralan ang paghirang sa lupon ng pag-aaral o iba pang walang limitasyon ayon sa batas, isinasagawa rin ang masigasig na paghirang ukol sa pagpupulong na itinatalaga ayon sa alituntunin.

◆◆ Pagtanggap ng Kawani ng Hiroshima Prefecture

Kategorya	Uri ng Tungkuling May Kondisyon ng Nasyonalidad	Uri ng Tungkuling Walang Kondisyon ng Nasyonalidad (pangunahing tungkulin)
Pang-opisina	Pangangasiwa (Karaniwang trabaho sa opisina, Opisina ng mababa o gitnang paaralan) Sikoliya Panlipunang kagalingan	Librarian Curator at iba pa
Teknikal	Kalinisan Pagsasaka Pagpapalahi ng mga hayop Manggagamot ng hayop Pag-iisda Pangangahoy Pangkalahatang konstruksyon Arkitektura	Doktor na nagtatrabaho sa ospital Public health nurse Parmasyutiko Nars Nutrisyonista Industriya at iba pa

* Subalit hindi kasama ang guro at kawani ng pulis.

◆◆ Pagsusulit para sa Pagtanggap ng Kawani

■ Pagsusulit para sa pagtanggap ng kawani ng prefecture

Isinasagawa sa mga kategorya tulad ng Pagsusulit sa antas ng nagtapos ng pamantasan, Pagsusulit sa antas ng nagtapos ng junior college, Pagsusulit sa antas na nagtapos ng mataas na paaralan, at Pagsusulit na sakop ang taong may kapansanan. Mangyaring tiyakin ang gabay sa pagkuha ng pagsusulit tungkol sa nilalaman ng pagsusulit.

Para sa mga katanungan

Public Service Personnel Division ng
Personnel Commission Secretariat ng Hiroshima prefecture
☎ 082-513-5144

■ Pagsusulit para sa pagpili ng naghahangad matanggap bilang guro sa pampublikong paaralan

Maaaring kumuha ng pagsusulit ang taong nagmamay-ari o taong may tiyak na posibilidad na makakuha ng sertipiko ng karaniwang lisensyang naaangkop sa uri ng tungkulin, uri ng paaralan at asignatura ng kukuning pagsusulit bago lumipas ang huling araw (hanggang 59 taong gulang sa taong piskal kung kailan kukuha ng pagsusulit). Mangyaring tiyakin ang nilalaman ng pagsusulit at iba pang detalye sa gabay sa pagsasagawa ng pagsusulit.

Para sa taong hindi nagmamay-ari ng sertipiko ng karaniwang lisensya, ukol sa bukod-tanging pagpili na sakop ang mga kasapi ng lipunan, taong may nakamit sa palakasan, at tauhang pandaigdig [Taong may karanasan sa pagtuturo (Ingles)], maaaring kumuha ng pagsusulit kung sumailalim sa mga itinakdang kondisyon para sa bawat isa. (Mangyaring tiyakin ang tungkol sa pagsasagawa ng bukod-tanging pagpili sa gabay sa pagsasagawa ng pagsusulit.)

Para sa mga katanungan

Tagapamahala sa Pagtanggap at Quota Section, Dibisyon ng Tauhan sa Paaralan, Departamento ng Pangangasiwa ng Lupon ng Edukasyon ng Hiroshima prefecture
 ☎ 082-513-4927
 Homepage ng Lupon ng Edukasyon ng Hiroshima prefecture
 [Hotline Education Hiroshima]
<https://www.pref.hiroshima.lg.jp/site/04file/>

◆◆ Pagtanggap ng Kawani ng Lungsod/Bayan

Isinasagawa ang pagtanggap ng kawani ng lungsod/bayan sa mga lungsod/bayan.

Mangyaring magtanong sa lungsod/bayan tungkol sa kung kailangan ang nasyonalidad ng bansang Hapon, kung may tinatayang pagtanggap, nilalaman ng pagsusulit, at iba pang mga detalye.

◆◆ Paghirang ng Kinatawan ng Lupon ng Pangangasiwa o Kinatawan ng Lupon ng Pag-aaral at iba pa

Ayon sa sumusunod ang paghirang ng taong dayuhan ang nasyonalidad na maging kinatawan ng lupon ng pangangasiwa o kinatawan ng lupon ng pag-aaral at iba pa.

Maaaring ihirang (Walang kondisyon ng nasyonalidad)	Hindi maaaring ihirang (May kondisyon ng nasyonalidad)
Kinatawan ng lupon ng pag-aaral sa pagpapalano ng paggamit ng lupain ng bansa, Kinatawan ng lupon ng pag-aaral sa urban planning ng Hiroshima prefecture at iba pa	Kinatawan ng lupon ng edukasyon, Kinatawan ng kaligtasan ng publiko, Kinatawan ng lupon ng pangangasiwa tulad ng Kinatawan ng lupon ng pangangasiwa ng halalan, at Welfare officer, Child welfare officer at iba pa